# Ang Kalihukan

*National Democratic Front - Amihanang Sentral Mindanao*

**Taon 28 | Tomo 1 | Ispesyal na Isyu | Marso 29, 2021**


# Pagpupugay sa BHB sa pagtangan sa absolutong pamumuno ng Partido!

*Mensahe ng PKP - NCMR sa ika-52 na anibersaryo ng Bagong Hukbong Bayan*

*Marso 29, 2021*




Sa pagdiriwang ng ika-52 na anibersaryo ng pagkatatag ng Bagong Hukbong Bayan (BHB), binabati at sinasaluduhan ng Partido Komunista ng Pilipinas - North Central Mindanao Region ang lahat ng Pulang kumander at mandirigma sa rehiyon sa kanilang mahigpit na pagtangan at pagtalima sa absolutong pamumuno ng Partido. Nagpupugay din ang Partido sa masang Pilipino at lahat ng rebolusyonaryong pwersa sa kanilang pagsuporta sa hukbo ng bayan.

Dahil sa mataas na determinasyon ng ating hukbo, matapang nating naharap ang matinding pagsasamantala at terorismo ng rehimeng US-Duterte, nakapagtamo ng dakilang mga tagumpay at napatunayan natin na hindi kailanman madurog ang hukbo ng bayan ng kahit anong maruming gyera na ipapataw ng estado.

Kasabay ng okasyong ito, ibigay din natin ang pinakamataas na pagsaludo sa kanilang Ka Christopher "Rapid" Himalao, Ka Ongay "Juan" Panganlagan, Ka Jonathan "Chikoy" Alot, Ka Makdong, Ka Alas, Ka JR at sa iba pang Pulang mandirigma na huwarang nag-alay ng kanilang buhay nitong taon para sa rebolusyon.

Sa nakaraang taon, pinapakita ng BHB ang kanyang mataas na determinasyon upang paglingkuran ang sambayanan at depensahan sila laban sa pasismo at terorismo ng rehimeng US-Duterte. Hanggang sa kasalukuyan, nagpapatuloy pa rin ang tuluy-tuloy at sustinidong *focused military operations* sa rehiyon. Naka-deploy ngayon sa rehiyon ang 16 na regular na batalyong pangkombat ng AFP habang umaabot na sa 174 ang nakatayong detatsment sa iba't ibang lugar, kasama na ang mga RCSP at iba pang mobile detatsment.

Matapang na nakikipaggitgitan ang ating mga Pulang kumander at mandirigma upang biguin ang maruming gyera ni Duterte at mariin nilang isinusulong ang digmang bayan sa gitna ng iba't ibang porma ng kahirapan. Sa pamamagitan ng absolutong pamumuno ng Partido, patuloy na nailunsad ng BHB ang iba't ibang porma ng mga taktikal na opensiba, nabigyang-gabay ang masang magsasaka upang maiangat ang kanilang pamumuhay at patuloy ding napatatag at napalawak ang baseng masa.

Mula Marso 2020, matagumpay na nailunsad ng BHB-NCMR ang 102 na taktikal na opensiba kung saan ay 177 ang kaswalti (94 ang patay at 83 ang sugatan) sa hanay ng kaaway.

Sa gitna ng pagdadaluhong ni Duterte, umaasa ang Partido na ito ay magiging paborableng kalagayan upang ibayong maisusulong ang armadong pakikibaka sa rehiyon.

Lalo pa'ng ginagatungan ni Duterte ang galit ng mamamayan sa pasismo, tiranya at korapsyon na hatid ng kontra-rebolusyong National Task Force-ELCAC. Mula nang inarangkada ang nasabing task force, lalo pang tumaas ang bilang ng pamamaslang sa mga inosenteng sibilyan, iligal na pag-aresto, pagsampa ng gawa-gawang mga kaso at iba pang paglabag sa karapatan ng mga sibilyan at inosente. Labas pa dito, ginagawa ring palabigasan ng rehimeng US-Duterte ang NTF-ELCAC upang kurakutin ang pera ng bayan. Nitong taon lamang, inilaan ng Regional Task Force-ELCAC sa Northern Mindanao ang kataka-takang P17.696 bilyon para umano sa mga proyektong pangkalsada, kung saan ay kadalasan dito ay sa mga lugar na mayroon ng kalsada. Umaabot din sa P2.76 bilyon ang masasayang na pera para sa 138 na barangay na saklaw ng rehiyon na umano'y "*cleared*" mula sa rebolusyonaryong kilusan sa ilalim ng *Barangay Development Program*.

Dagdag pa, lalo pang nalibing ang mamamayan sa rehiyon sa nakakamatay na kalagayan sa ekonomiya. Dahil mas nakatuon ang programa ng rehimen sa militarisasyon at korapsyon, ipinagkait sa mamamayan ang disenteng pamumuhay. Patuloy na tumataas ang bilang ng kagutuman at kawalan.

Sa harap ng krisis ng pandemyang Covid-19, lalo pang nabunyag na walang kakayahan ang rehimeng US- Duterte sa ilalim ng malapyudal at malakolonyal na panlipunang sistema upang buhayin ang bayan.

Nananatiling mabagal, pabor-sa-ganansya at hindi seryoso ang pagtugon ng estado sa nasabing krisis. Malinaw itong pinapakita sa paglalaan lamang ng maliit na pondo para sa Covid habang malaking bulto ang inaaksaya ng militar para sa "kontra-insurhensiya". Kaya't hanggang sa kasalukuyan, hindi batid ng mamamayan ang katapatan ng rehimen na iahon ang mamayan mula sa pandemya.

Sa pamamagitan ng pursigidong pag-aaral at paglikom ng aral mula sa mga karanasan, siguradong masasamantala ng BHB ang sitwasyon upang magampanan ang kanyang pangunahing mga tungkulin. Kailangang isabuhay ng mga Pulang mandirigma ang kanilang pagmamahal at paglilingkod sa masang pinagsasamantalahan at araw-araw na isadiwa ang makauring galit upang maging bukal ng kanyang determinasyon sa rebolusyonaryong pagkilos. Kailangang lalo pang tanganan ng BHB ang matapat na diwa at kolektibong pagkilos. Higit kailanman ay kailangang lalo pang iangat ng BHB ang kanwang diwang mapanlaban at determinasyon na daigin ang anumang kahirapan sa pagkilos. Unti-unti na nating nalagpasan ang matinging panunupil ng kaaway sa nakaraang taon at umaasa ang Partido na kaya nating mapagtagumpayan ang anumang sakripisyo hanggang sa susunod sa mga taon. Kailangang lalo pang palakasin ng BHB ang mga taktikal na opensiba, ilunsad ang gawaing masa at agraryong rebolusyon at ipagpatuloy ang paggampan ng kanyang mga tungkulin.

Sa nakaraang mga taon, mayroon mang mga dating Pulang kumander at mandirigma ang sumuko sa hanay ng kaaway ngunit iilan lamang ito at kadalasan sa kanila ay ibinunga lamang sa matinding presyur ng kaaway. Dahil sa desperasyon ng estado, malupit nitong dinadakip at nililigalig ang mga pamilya ng mga Pulang mandirigma para umano maagaw ang prinsipyo ng mga rebolusyonaryo. Sa kabila nito ay mas malaking bahagi pa rin ng ating hukbo ang nananatiling matibay at hindi nadala sa maruming taktika ng kaaway.

Para sa masang inaapi at pinagsasamantalahan, makatarungan lamang na lalo pang palakasin ang inyong paglaban at pagkakaisa. Angkop na gawin ninyong batayan ang matindi at nakakamatay na panlipunang krisis upang makibaka at palayasin ang kontra-mamamayan at konta-mahirap na rehimeng US-Duterte. Sa kasalukuyang kalagayan ay lalong kinakailangan ang pakikiisa ng libu-libo hanggang sa milyun-milyong mamamayan upang makamit natin ang mas maraming tagumpay. Kasama ang lahat ng rebolusyonaryong pwersa, likhain natin ang kasaysayan sa pamamagitan ng pagpapatagumpay ng digmang bayan at pagtatamo ng sosyalistang lipunan.

**Mabuhay ang ika-52 na anibersaryo ng Bagong Hukbong Bayan!**
**Mabuhay ang mamamayang nakikibaka!**
**Biguin ang terorismo ng rehimeng US-Duterte!**
**Isulong ang digmang bayan hanggang sa tagumpay!**